PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

PalayCheck®

Ito ay mabisang sistema ng pamamahala ng palay na nagpapakita ng pinakamagandang teknolohiya bilang **Key Check**; nagkukumpara sa pinakamagandang pamamaraan ng pagpapalay sa kasalukuyang pamamaraan ng magsasaka; at natututo sa pamamagitan ng sama-samang diskusyon ng mga magsasaka upang mapanatili ang mataas na ani, kita, at ligtas na kapaligiran.

Nagsagawa ng sabayang pagtatanim matapos pagpahingahin ang lupa

- Ang sabayang pagtatanim ay nakatutulong upang maiwasan ang pagdami ng populasyon ng mga pesteng kulisap at sakit ng palay.
- Ang isang buwang pagkakatiwangwang o pagpapahinga ng lupa ay nagsisilbing hadlang sa inog ng buhay ng mga pesteng kulisap Ang tubig-irigasyon sa komunidad ay kailangang isaalang-alang sa pamamaraang ito.

Pagtataya ng Key Check

Ang palayan ay dapat nakapagpahinga ng hindi bababa sa 30 araw. Ito ay dapat nataniman 14 na araw bago at 14 na araw matapos mataniman ang karamihan sa lugar na nasasakupan ng irigasyon.

Mga Rekomendasyon upang makamit ang Key Check

- Panatilihing nakatiwangwang o walang tanim ang bukid na hindi bababa ng 1 buwan mula sa pagkaani hanggang sa muling pagtatanim. Mahahadlangan nito ang inog ng buhay ng mga peste at makatutulong din ito upang maging matagumpay ang pamamahala sa tanim na palay.
- Sundin ang kalendaryo ng pagtatanim. Makatutulong ito upang mas maraming bukid sa komunidad ang maabot ng tubig-irigasyon.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice